

Sheet ng Impormasyon ng Census ng AFT

Ang isa sa pinakamahalagang bagay na magagawa ng mga miyembro ng AFT upang makatulong sa kanilang mga komunidad ay tumulong na tiyaking tumpak ang bilang ng census.

Bakit mahalaga ang census?

Pagkatawan: Bawat 10 taon, binibilang ang bawat residente. Tinutukoy ng bilang na ito ang pagkatawan sa Kongreso at ang pagtatakda ng mga distrito para sa mga tanggapan ng pederal na pamahalaan, estado at lokal para sa susunod na 10 taon.

Pagpopondo: Tinutukoy ng bilang ng census ang paghahati ng \$700 bilyon sa pederal na pagpopondo sa mga estado at lokalidad, kasama na ang pera para sa Title I, ang National School Lunch Program, at mga grant para sa espesyal na edukasyon, para sa susunod na 10 taon.

Impormasyon: Ang datos na mula sa census ay ginagamit para sa pagpapalano at upang hatiin ang mga mapagkukunan (hal., ginagamit ng mga lungsod ang bilang ng mga sanggol upang planuhin kung saan ilalagay ang mga paaralan, parke, silid-aklatan, atbp.).

Sino ang binibilang?

Ang bawat taong nakatira sa United States—mga mamamayan, legal na residenteng hindi mamamayan, at imigranteng walang dokumento—ay dapat bilangin sa census.

Kailan mangyayari ang census?

Sa Marso 2020, ang mga sambahayan ay papadalhan ng mga tagubilin para sa pagkumpleto sa census online.

Sa Abril 2020, ang mga sambahayang hindi nakakumpleto sa census online ay papadalhan ng papel na form ng census na may kasamang mga tagubilin na isumite sa pamamagitan ng koreo.

Sa Mayo 2020, bibisitahin sa bahay ang mga sambahayang walang kinumpletong form ng census.

Mayroon bang tanong tungkol sa pagiging mamamayan sa census? Dapat ba itong sagutan ng mga hindi mamamayan?

WALANG tanong tungkol sa pagiging mamamayan sa census.

Isang pederal na krimen na gamitin ang anumang impormasyong nakuha sa pamamagitan ng isang form ng census para sa anumang bagay maliban sa tumpak na bilang. Hindi maaaring manghingi ng pera, mga Social Security number, o impormasyong pinansyal ng anumang uri ang mga tagakuha ng census.

Iniaatas ng batas na kumpletuhin ng bawat sambahayan ang isang form ng census, kasama na ang mga hindi mamamayan.

Paano ako makakatulong na mabilang ang aking komunidad?

Ibahagi ang tungkol sa kahalagahan ng census para sa pagpopondo at pagkatawan ng pamahalaan.

Ipasok ang census sa iyong curriculum, kasama na ang paggamit ng [mga materyal na Ibahagi ang Aking Aralin](#) ng AFT at [mga materyal na Mga Istatistika sa Mga Paaralan](#) ng Census Bureau.

Ipaliwanag na ligtas at kinakailangang kumpletuhin ng bawat sambahayan ang form ng census.

Makipag-ugnayan sa isang lokal na [Komite ng Kumpletong Bilang](#); ang mga ito ay mga pakikipagtulungan sa komunidad na kumikilos upang matiyak ang tumpak na bilang ng census.

Magpaskil ng mga poster ng census sa lugar ng iyong trabaho, isama sa mga newsletter ng paaralan o silid-aralan ang impormasyon tungkol sa census, at maghanda ng mga flier para sa mga pamilya sa mga lobby at silid-aralan.

lalok ang mga computer sa paaralan sa mga miyembro ng pamilya at komunidad upang magamit sa pagkumpleto sa census.